

[PayPal](#)

>> [Tingnan ang Lahat ng Kasunduan](#)

Mga Tuntunin ng Mga Alternatibong Paraan ng Pagbabayad ng PayPal

Huling Update: Hunyo 26, 2023



[I-download ang PDF](#)

Ang Mga Tuntuning ito ay isang kontrata sa pagitan mo at ng PayPal Pte. Ltd., na isang kumpanya sa Singapore at pinapangasiwaan ng mga ito ang paggamit mo sa lahat ng PayPal Service. (“PayPal”, “kami” o “namin”).

1. Tungkol sa Mga Tuntuning ito

Nalalapat ang Mga Tuntuning ito sa paggamit mo ng anuman sa aming **functionality ng APM**.

Bilang reference:

- Ang **APM functionality** ay functionality na ibinibigay namin na kung ii-integrate sa online checkout mo o kung magpapadala ka ng invoice bilang request ng pagbabayad, magagawa ng customer mo na pumili at gumamit ng anumang **alternatibong paraan ng pagbabayad (alternative payment method o APM)** (kapag pinayagan namin ito paminsan-minsan) para mabayaran ka; at
- **ang isang alternatibong paraan ng pagbabayad (APM)** ay anumang paraan ng pagbabayad na nakalista sa Annex 1, kung saan pwede naming payagan ang sinumang walang Account na magpadala ng bayad sa Account ng Negosyo mo, na napapailalim sa Mga Tuntuning ito.

Ang Mga Tuntuning ito ay karagdagan sa PayPal User Agreement at mga isinamang polisiya nito, kabilang ang Acceptable Use Policy at Privacy Policy na naaangkop para sa bansa kung saan ka nakarehistro sa PayPal bilang residente. Tinutukoy sa User Agreement na iyon ang mga naka-capitalize na salitang hindi tinutukoy sa Mga Tuntuning ito. Hangga't posible, dapat unawain ang Mga Tuntuning ito at ang User Agreement bilang iisa at magkasama. Kapag nagkaroon ng salungatan sa interpretasyon, io-override ng Mga Tuntuning ito ang sumasalungat na pahayag sa User Agreement.

Kabilang ang **functionality ng APM** namin sa kahulugan ng Mga Serbisyo sa User Agreement kapag binasa ito kasama ng Mga Tuntuning ito.

2. Mga Pinagbabawal na Aktibidad sa APM

Hindi pinapayagan ang mga Merchant na tumanggap ng mga bayad para sa mga produkto o serbisyo na:

- hindi ito ibinibigay sa sariling account ng Merchant;
- hindi ibinibigay ang mga ito sa loob ng saklaw ng normal na pagpapatakbo ng negosyo ng Merchant gaya ng isinasaad sa Registration Form ng Merchant;
- ipinagbabawal gaya ng nakatakda sa ibaba o sa loob ng bawat partikular na termino sa Paraan ng Pagbabayad;
- Hindi pinapayagan ang Mga Paraan ng Pagbabayad na ialok, gamitin, o kaya ay gawing available para sa alinman sa mga sumusunod na categorya ng negosyo:
 - Mga ilegal na produkto at serbisyo, o mga produkto at serbisyo na ipinagbabawal ng mga naaangkop na batas;
 - Negosyo o organisasyon na nasasangkot sa, naghihikayat, nagtataguyod, o nagdiriwang ng labag sa batas na karahasan laban sa anumang grupo batay sa lahi, relihiyon, kapansanan, kasarian, seksuwal na oryentasyon, bansang pinagmulan, o anupamang immutable na katangian
 - Mga peke o hindi awtorisadong produkto;
 - Droga at narcotics;
 - Mga scheme ng get-rich-quick o pyramid scheme;
 - Mga katawan o organo ng tao o hayop;
 - Paglabag sa mga karapatan sa intelektwal na pag-aari o pagmamay-ari;
 - Mga produktong Nazi ang brand, content tungkol sa at mga artikulong Nazi;
 - Mga website na no-value-added, kabilang ang mga website na nagsasagawa ng hindi makatarungan, mapanlinlang, o nambibiktimang kagawian sa pagbebenta;
 - Mga pay-to-remove na site o mga lathalaing naninirang-puri;
 - Racist, sexist, misogynistic o iba pang mapang-abusong produkto at content;
 - Radioactive, nakakalason, flammable, corrosive, o iba pang uri ng mapanganib na materyales;
- Mga kinokontrol na produkto at serbisyo (kabilang ang mga produkto at serbisyo na nabibilang sa ilalim ng mga pangkalahatang regulasyon, panghurdikasyon at/o pang-edad na paghihigpit):
 - Mga alak at de-alkohol na inumin;
 - Mga archaeological na tuklas at item;
 - Mga produkto ng CBD at hemp;
 - Mga online na parmasya, inireresetang gamot;
 - Mga paputok at nauugnay na produkto;
 - Mga buhay na hayop;

- Pornograpiya at iba pang materyales na bastos; mga site na nag-aalok ng mga nauugnay sa seksuwal na serbisyo tulad ng prostitusyon, mga escort, mga pang-adult na live chat, atbp.;
- Mahahalagang metal at bato;
- Mga sangkap na idinisenyo para gayahin ang ilegal na droga;
- Tabako, mga e-cigarette, e-liquid at mga nauugnay na produkto;
- Mga armas, bala at mga nauugnay na produkto;
- Mga espesyalisadong pampinansyal o legal na produkto o serbisyo:
 - Mga piyansa;
 - Mga abugado sa pagkabangkarote;
 - Mga binary option;
 - Credit, mga loan, panandaliang pagpapahiram at iba pang instrumento sa pagpapahiram;
 - Paniningil ng utang;
 - Mga law firm na nangongolekta ng pondo para sa anumang layunin maliban sa pagbabayad ng mga fee na sagutin sa kumpanya para sa mga serbisyong ibinigay ng kumpanya;
 - Pamamahala ng kayamanan;
- Iba pa
 - Mga serbisyo ng psychic o manghuhula ng kapalaran;
 - Mga pyrotechnic device at supply;
 - Telemarketing;
 - Pagbebenta ng mga follower sa Twitter, like sa Facebook, view sa YouTube, at iba pang anyo ng aktibidad sa social media na ipinagbabawal ng mga tuntunin at kondisyon ng bawat platform

3. Pagtanggap sa Mga Tuntuning ito

Sumasang-ayon ka sa mga Tuntuning ito sa pamamagitan ng pag-integrate ng aming APM functionality sa online checkout/platform mo o kapag nagpadala ka ng invoice bilang request ng pagbabayad.

Kung isasama mo ang **functionality ng APM** namin para sa Account ng ibang tao o legal na entity:

- kinukumpirma mong may pahintulot ka ng ibang tao o legal na entity na iyon na legal na isailalim sila sa Mga Tuntuning ito para sa kanila at sa ngalan nila; at
- ang ibang tao o legal na entity na iyon ay legal na mapapailalim sa Mga Tuntuning ito sa halip na ikaw ang mapailalim sa mga ito.

4. Paggamit ng functionality na APM

Kapag na-integrate mo ang aming **APM functionality** sa online checkout mo o nagpadala ka ng invoice bilang request ng pagbabayad, pwede namin (pero hindi kami obligado) na payagan ang sinuman na gumamit ng **APM** para mabayaran ka.

Nakalista sa Annex 1 ng Mga Tuntuning ito ang bawat **APM** na pwede naming gawing available sa mga customer mo paminsan-minsan at ang higit pang probisyong nauugnay sa pagtanggap mo ng mga bayad mula sa mga customer na gumagamit sa **APM** na iyon. Dapat kang sumunod palagi sa mga probisyong iyon.

Dahil hindi gumagamit ng PayPal Account ang nagbayad para magpadala ng bayad gamit ang **APM**, hindi mo pwedeng gamitin ang PayPal para proactive na mag-refund ng mga ibinayad gamit ang **APM**, maliban na lang kung iba ang nakasaad sa Annex 1 ng Mga Tuntuning ito.

Hindi ka pwedeng tumanggap ng mga bayad na gumagamit ng **APM** sa mga currency na iba sa mga nakasaad para sa nasabing **APM** sa Annex 1 ng Mga Tuntuning ito.

Pwede mo lang gamitin ang aming **APM functionality** gamit ang Account ng Negosyo at hindi Personal na Account, maliban sa paggamit mo ng Personal na Account para magpadala ng invoice bilang request ng pagbabayad para sa mga produkto at serbisyo.

Walang nalalapat na karagdagang Cross Border Fee na nakabatay sa porsyento sa anumang transaction na gumagamit ng **APM**.

5. Ang pananagutan mo sa amin

Pwede naming ituring ang mga **APM** provider at payment processor na tumutulong sa aming mabigyan-daan kang tumanggap ng mga bayad na gumagamit ng **APM** sa parehong paraan kung paano namin itinuturing ang aming mga acquirer ng bangko/card at/o iba pang payment processor sa ilalim ng User Agreement.

May posibilidad na i-reverse ng **APM** provider ang mga bayad na gumagamit ng **APM** maliban na lang kung iba ang nakasaad sa Annex 1. Ang mga obligasyon at pananagutan mo sa amin para sa mga reversal na ito ay pareho sa mga obligasyon at pananagutan mo sa amin para sa Mga Reversal at/o Chargeback sa ilalim ng User Agreement. Pwedeng kontrolin ng **APM** provider ang reversal ng bayad na gumagamit ng **APM** sa parehong paraan kung paano pwedeng kontrolin ng bangko ng nagbabayad ang isang Reversal at/o kung paano pwedeng kontrolin ng kumpanya ng card ng nagbabayad ang isang Chargeback.

Pagkatapos ng pagwawakas ng Mga Tuntuning ito, patuloy kang magkakaroon ng pananagutan sa amin sa ilalim ng Mga Tuntuning ito para sa mga reversal ng mga bayad na gumagamit ng **APM** ng mga **APM** provider at sa ilalim ng lahat ng outstanding na obligasyon na magmumula sa paggamit mo ng functionality ng **APM** bago ang pagwawakas.

6. Mga pagbabago at pagwawakas

Pwede kaming magdagdag o mag-alis sa listahan ng mga **APM/APM** provider sa Annex 1 ng Mga Tuntuning ito anumang oras nang walang abiso.

Kung hindi ito magagawa, pwede kaming mag-amyenda, mag-delete, o magdagdag sa Mga Tuntuning ito alinsunod sa proseso ng pagbabago na nakasaad sa User Agreement. Kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang pagbabago, pwede mong wakasan ang Mga Tuntuning ito.

Pwede mong wakasan ang mga Tuntuning ito anumang oras sa pamamagitan ng pag-aalis ng aming **APM functionality** sa online checkout mo at pagsunod sa anupamang hakbang na nauugnay sa integration na posibleng pana-panahong gawing available sa iyo ng PayPal, o, kung naaangkop, sa pamamagitan ng paghinto ng paggamit ng produkto sa invoicing na ginawang available sa iyo ng PayPal. Nagbibigay-daan ito sa iyo na ihinto ang pagpayag sa mga customer mo sa paggamit ng **APM** para magbayad sa iyo, pero mananatiling bukas ang Account mo at mananatiling may bisa ang User Agreement.

Para sa anumang dahilan at (kung saan posible) kapag may makatuwirang paunang abiso, pwede naming wakasan, kanselahin, o suspindihin anumang oras ang Serbisyo hanggang sa nauugnay ito sa aming **functionality ng APM** at/o **mga APM** nang walang pananagutan sa iyo.

Malalampasan ng Mga Tuntuning ito ang anumang pagwawakas hanggang sa kailangan naming: (i) tumugon sa mga usaping nagmumula sa paggamit mo ng functionality ng APM bago ang pagwawakas; at/o (iii) sumunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon.

Annex 1

Mga APM	
AliPay	
Uri ng Pagbabayad	Wallet Ang Alipay ay isang digital wallet na pwedeng gamitin ng lahat ng Customer na nakarehistro bilang miyembro sa Alipay.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	Oo

Minimum na transaction	N/A
Maximum na transaction	RMB 50,000 kada araw
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Mga Karagdagang Tuntunin
Mga Karagdagang Tuntunin	Tiyakin mong hindi gagamitin ang Mga Serbisyo sa Alipay para sa: a. Mga ilegal na produkto at lathalaing pampulitikang audio-mga visual, mga ilegal na reaksyonaryong card at programa, mga channel ng estado, mga secret dokumentasyon at impormasyon, iba pang artikulo at pananalitang reaksyonaryo. b. Mga tool sa pagsusugal, pribadong lottery, mga serbisyo sa pagsusugal, mga ticket sa loto, pyramid na pagbebenta, mga gintong hinaharap, lucky draw, mga lubhang mapanganib na serbisyo. c. Mga tool sa pagkuhang droga, mga bala at armas/baril at accessory, mga kontroladong instrumento, mga artikulo ng krimen, mga paputok at baril, mga makamandag na artikulo at mapanganib na mga kemikal, mga adult na gamot (hal., aphrodisiacs). d. Mga serbisyo sa speculation ng credit (kasama ang speculation ng Taobao credit rating), credit card cashing service, mga crowd funding website, pekeng currency, bank account Transaction (mga bank card), stock, pondo, insurance, insurance platform, pana-panahong investment sa ginto, mga produktong pinansyal ng bangko, mga serbisyo sa cashback, mga single-purpose prepaid card, mga security, ilegal na paglikom ng pondo, mga serbisyo sa foreign exchange, virtual currency sa mga foreign account, resibo (mga invoice), Bitcoin, Litecoin, YBCoin at iba pa mga virtual na currency, Transaction, MCard etc., Auction, Pawn, mga institusyon sa Pagbabayad, circulating RMB, mga foreign currency. e. Fetal gender diagnosis, mga organ ng tao, Surrogacy services, mga serbisyo sa pagsusuri, mga medikal na aparato, mga contact lens. f. Nauugnay sa pag-hack, malware, iba pang mga serbisyo ng software na ipinagbabawal sa Alibaba at ang mga subsidiary ng Alibaba, mga video chatting service, mga relihiyon na website, online na sementeryo at pagsamba at iba pang mga serbisyo, Pagmamanman ng impormasyon sa privacy ng computer, satellite

	antenna atbp., mga spying instrument, iba pang mga personal na artikulo o serbisyo sa pananakit sa pagkapribado, ID card impormasyon at iba pang impormasyong lumalabag sa pagkapribado, pag-iisu ng certificate at stamp carving. g. Mga serbisyong nauugnay sa foreign-related matchmaking, mga item at serbisyo sa paglabag sa mga nauugnay na regulasyon ng estado, mahinang kalidad (peke) pagkain, tabako, krudo ng langis, mga charity, mga smuggled article, mga espesyal na probisyon para sa mga partikular na panahon (hal. ang Olympic Games), kultural na relic, mga luxury good, sasakyan at pagpaparenta ng mga serbisyo.
--	--

Apple Pay Web

Uri ng Pagbabayad	Apple Pay Wallet
Panganib ng Chargeback	Oo
Garantiya sa Pagbabayad	Oo (ayon sa mga alituntunin ng pagpoproseso ng credit card)
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	N/A
Maximum na transaction	N/A
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Pakitingnan ang listahan ng Mga Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo na makikita sa mga tuntunin ng Apple Pay Web sa https://developer.apple.com/terms/apple-pay-web/
Mga Karagdagang Tuntunin	Pakitingnan ang mga karagdagang tuntuning naaangkop sa pag-integrate mo ng APM functionality sa online checkout/platform mo sa https://developer.apple.com/terms/apple-pay-web/

Bancontact

Uri ng Pagbabayad	Debit Card Ang Bancontact ay isang Paraan ng Pagbabayad na gumagamit ng debit card kung saan nagbibigay ng debit card ang isang awtorisadong institusyon ng credit na nagbibigay-daan sa mga customer na direktang
-------------------	--

	magbayad para sa mga produkto at serbisyo gamit ang kanilang mga bank account.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	€1.00 kada transaksyon
Maximum na transaction	N/A
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Wala maliban sa mga ipinagbabawal na mga produkto at serbisyong nakasaad sa User Agreement
Mga Karagdagang Tuntunin	N/A
BLIK	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko Ang BLIK ay isang paraan ng pagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa bangko. Ang mga recipient ay pwedeng makatanggap ng real time na pagkumpirma sa transaction.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na Transaction	PLN 0.01 kada Transaction
Maximum na Transaction	PLN 10,000.00 kada Transaction
Mga Partikular na	Wala maliban sa mga ipinagbabawal na mga produkto at serbisyong nakasaad sa User Agreement

Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	
Mga Karagdagang Tuntunin	Dapat mong malinaw na ipakita sa website o device mo kung naaangkop, ang pangalan ng BLIK o Mga Trademark sa paraang tugma sa BLIK Brand Book.
EPS	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko Ang EPS ay isang paraan ng pagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa bangko. Ang mga recipient ay pwedeng makatanggap ng real time na pagkumpirma sa transaction. Ang EPS ay pinapangasiwaan ng mga bangkong kalahok ng EPS.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Oo - Ang Garantiya sa Pagbabayad ay mangangahulugang ang bawat transaction na na-flag bilang kumpleto o matagumpay (alinman ang naaangkop) ay ibabayad sa Account mo at ang pondo ay hindi mababawi, na napapailalim pa sa mga tuntuning ito at sa User Agreement at sa pagsunod mo sa mga ito.
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	€1.00 kada transaksyon
Maximum na transaction	N/A
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Wala maliban sa mga ipinagbabawal na mga produkto at serbisyong nakasaad sa User Agreement
Mga Karagdagang Tuntunin	Dapat kang mag-ulat kaagad sa PayPal ng anumang kaganapang kailangang gumamit ng Garantiya sa Pagbabayad ng EPS.
Finnish (Verkkopankki)	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko

	Ang Online na Transfer sa Bangko ng Finland ay isang Paraan ng Pagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa bangko. Ang mga recipient ay pwedeng makatanggap ng real time na pagkumpirma sa transaction.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	EUR 0.65 kada transaction
Maximum na transaction	EUR 20,000.00 kada Transaction
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Dagdag sa mga ipinagbabawal na produkto at serbisyong iyon na nakalista sa Kasunduan: ilegal na pagsusugal; prostitusyon; mga pekeng produkto; pamimirata ng produkto; ilegal na pagbebenta o distribusyon ng mga produktong tabako o pornograpiya o ang paglalarawan ng lubos na mararahas na gawain; hindi pinapayagan ng Nordea Bank ang paglo-load ng mga wallet o prepaid na produkto
Mga Karagdagang Tuntunin	1. Dapat mong ibigay ang lahat ng kailangang data bilang pagsunod sa mga probisyong ibinigay ng PayPal. Kapag hindi nasunod ang mga probisyon para sa pagbibigay ng data, posible itong magresulta sa pagkaantala, pagkakasuspindi, o pagkansela sa pagpoproseso ng mga isinasagawang pagbebenta. 2. Babayaran mo ang PayPal para sa mga makatuwirang gastusing natamo sa isang dispute na nagmumula sa isang Transaction kung aktibo mang mauugnay ang PayPal sa negosasyon o iba pang katulad na legal na aksyon sa pagitan Mo at ng Customer. 3. Ang maximum na limit ng pananagutan ay ang na-invoice na halaga ng naibenta (produkto o serbisyong naibenta Mo sa Customer) na may direktang kaugnayan sa mga pinsala o 1000 EUR depende kung aling halaga ang mas mababa. Gayunpaman, hindi pwedeng lumampas sa 5000 EUR ang kabuuang pinagsama-samang pananagutan. Hindi nalalapat ang mga limitasyong ito kung nangyari ang mga pinsala dahil sa sadyang pagkilos o malinaw na kapabayaang.
Giropay	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko

	Ang Giropay ay isang paraan ng pagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa bangko. Ang mga recipient ay pwedeng makatanggap ng real time na pagkumpirma sa transaction.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Oo - Ang Garantiya sa Pagbabayad ay mangangahulugang ang bawat transaction na na-flag bilang kumpleto o matagumpay (alinman ang naaangkop) ay ibabayad sa Account mo at ang pondo ay hindi mababawi, na napapailalim pa sa mga tuntuning ito at sa User Agreement at sa pagsunod mo sa mga ito.
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	€1.00 kada transaksyon
Maximum na transaction	N/A
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Dagdag sa anumang ipinagbabawal na produkto o serbisyong nakasaad sa User Agreement: Mga instrumento ng pagbabayad (cash, savings o e-money, mga currency kabilang ang mga virtual na currency gaya ng mga bitcoin, pati na rin ang mga tseke) hangga't hindi mo makikilala ang recipient ng instrumento ng pagbabayad, maliban sa mga voucher o stored value na produkto.
Mga Karagdagang Tuntunin	1. Limitado ang Giropay sa mga customer na may access sa isang account na compatible sa online banking na hawak ng awtorisadong institusyon ng credit na nakabase sa Germany. Hindi ginagarantiya ng PayPal na compatible sa giropay ang lahat ng bank account sa Germany. 2. Dapat kang sumunod sa lahat ng terms and conditions ng Mga Panuntunan at Regulasyon ng giropay kabilang ang paggamit ng logo ng giropay na limitado sa rehiyon ng Europe. 3. Sa paggamit ng giropay bilang paraan ng pagbabayad, hindi ka dapat humiling ng anumang data ng customer, sa partikular, hindi ka dapat humiling ng personal na data tulad ng IBAN o mga pangalan. 4. Ang Garantiya sa Pagbabayad ng giropay ay limitado sa EUR10,000 kada transaction. 5. Dapat kang mag-ulat kaagad sa PayPal ng anumang kaganapang kailangang gumamit ng Garantiya sa Pagbabayad ng giropay. 6. Nag-e-expire ang Garantiya sa Pagbabayad ng giropay pagkalipas ng 6 na linggo pagkatapos na matanggap ang

	partikular na transaction na na-flag bilang kumpleto o matagumpay, alinman ang naaangkop maliban na lang kung iniulat mo ang claim sa kasulatan bago mag-expire ang 6 na linggong panahon.
GrabPay	
Uri ng Pagbabayad	Wallet
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Oo - Ang Garantiya sa Pagbabayad ay mangangahulugang ang bawat transaction na na-flag bilang kumpleto o matagumpay (alinman ang naaangkop) ay ibabayad sa Account mo at ang mga pondo ay hindi mababawi, na napapailalim sa mga tuntuning ito at sa User Agreement at sa pagsunod mo sa mga ito.
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	SGD 0.01
Maximum na transaction	SGD 5,000.00
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Bukod pa sa anumang ipinagbabawal na produkto o serbisyong nakasaad sa User Agreement, pakitingnan ang Mga Karagdagang Tuntunin sa ibaba.
Mga Karagdagang Tuntunin	1. Susundin ng Merchant ang GrabPay Terms of Service, na naglalaman ng Privacy Notice ng Grab Pay (na makikita sa https://www.grab.com/sg/terms-policies/). 2. Hindi magpapataw ang Merchant ng surcharge o anupamang fee para sa pagtanggap ng GrabPay bilang Paraan ng Pagbabayad nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng GrabPay. Hindi nito pinipigilan ang mga Merchant na maningil ng handling fee may kaugnayan sa pagbebenta ng mga produkto o serbisyo. 3. Sisimulan lang ang mga refund sa pamamagitan ng interface ng GrabPay system na ibinibigay ng APM provider. Kung gumagamit ang isang Merchant ng anumang alternatibong paraan para sa refund, kasama ang, pero hindi limitado sa, remittance sa bangko o refund nang cash, hindi magiging partido ang GrabPay sa anumang paraan at ang nasabing refund ay sa pagitan ng Merchant at Customer.

4. Kapag ni-request, makikipagtulungan ang Merchant ayon sa posibleng kinakailangan para imbestigahan ang isang Transaction, kabilang ang pagbibigay sa APM provider ng anumang dokumentasyon at/o impormasyong nauugnay sa isang Transaction sa loob ng labing-apat (14) na araw at, kung naaangkop, gagawin ang lahat ng kinakailangang hakbang para makasunod sa kinakailangang pagtutulungan na ito.
5. Batay sa imbestigasyong ito, pagpapasyahan ng GrabPay kung kailangang i-refund sa Customer ang isang Transaction. Alam at tinatanggap ng Merchant na ang desisyon ng GrabPay ay hindi na mababago at isasagawa ng APM provider ang refund kung at ayon sa tagubilin ng GrabPay. Kung kinakailangan ang refund sa Customer, ganap na mananagot ang PayPal at Merchant para sa anumang halaga ng refund pati na rin ang anupamang gastusing direktang nauugnay sa nasabing refund.
6. Nakalaan sa GrabPay ang karapatang magpataw ng mga paghihigpit sa serbisyo anumang oras, kasama ang pagtanggap o paglilimita ng Mga Transaksyon.
7. Ituturing ng Merchant ang GrabPay na kapantay ng alinпамang iniaalok na Paraan ng Pagbabayad, sa mga website ng Merchant, sa mga advertising at promotional na materyal nito at sa iba pang external na lathalain nito. Partikular na:
 1. a) Ang paglalagay ng logo at mga button ng pagpipilian ng GrabPay ay halos katulad sa paglalagay ng mga alternatibong paraan ng pagbabayad, at ang posisyon ng logo at mga button ng pagpipilian ng GrabPay ay kapantay ng iba pang paraan ng pagbabayad;
 2. b) Pareho ang paglalagay ng GrabPay at ng mga alternatibong paraan ng pagbabayad sa daloy ng checkout ng point of sale ng isang Merchant, at sa mga tuntunin, kondisyon, paghihigpit, o fee na iniaalok o ibinibigay ng mga Merchant sa mga Customer; at
 3. c) Walang pumipigil o nagdudulot ng disbentaha sa pagpili ng Customer sa GrabPay, humihimok sa user na huwag gamitin ang GrabPay, o humihikayat sa Customer na gumamit ng alternatibong Paraan ng Pagbabayad.
8. Ang mga Merchant na nag-aalok ng GrabPay sa kanilang mga Customer ay nangangakong hindi (i) magbibigay ng maling detalye tungkol sa o magmamaliit sa GrabPay bilang paraan ng pagbabayad o bilang isang kumpanya o (ii) magke-claim na mas maganda o mas gusto ang isa pang Paraan ng Pagbabayad kaysa sa GrabPay o magpapahayag na mas gusto nila ang iba pang Paraan ng Pagbabayad kaysa sa GrabPay.
9. Ihihinto ng Merchant ang paggamit ng mga logo, Trademark o iba pang marka ng GrabPay (ang "Mga GrabPay Mark") sa loob ng tatlong araw pagkatanggap ng request na gawin ito kung

matutukoy ng GrabPay sa makatuwiran nitong pagpapasya na ang paggamit ay nakakasira, nagpapalabo, o nagpapahina sa Mga GrabPay Mark o hindi wastong nagtatalaga sa nauugnay na goodwill.

10. Hindi dapat gamitin ang Payment Method GrabPay para sa ilang partikular na produkto at serbisyong nakalista sa ibaba pati na rin sa GrabPay Terms of Service. Nakalaan sa GrabPay ang karapatang i-update ang GrabPay Terms of Service anumang oras at kung sakaling magkaroon ng anumang pagkakaiba sa pagitan ng listahan sa ibaba at ng GrabPay Terms of Service, mananaig ang GrabPay Terms of Service.

a) Adult media na naglalarawan o nauugnay sa ilegal na activity tulad ng pornograpiya ng bata, rape, incest, atbp.; mga materyal o serbisyong nakatuon sa sekswal na activity; anumang produkto o serbisyong nagtataguyod sa galit, karahasan, pinsala, o pagtanggong sa pagtanggap sa anumang anyo;

b) Lahat ng uri ng airline kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga regular na komersyal na airline, murang carrier, charter at flight tour operator, pribadong jet at helicopter taxi; mga hindi lisensyadong travel agent; anumang uri ng serbisyo sa hotel at tuluyan (gaya ng mga hostel, apartment, sineserbisyuhang apartment, motel, resort, villa); pagpapagamit ng ari-arian, mga timeshare, house-swapping, pag-sublet, bed & breakfast, at mga katulad na negosyo; mga organizer ng event, pagbebenta/pag-resale ng mga ticket, event planning, at nauugnay na serbisyo;

c) Mga produkto at inuming may alkohol; mga produktong tabako, sigarilyo, tabako, electronic na sigarilyo at mga nauugnay na produkto (gaya ng mga spare part at recharge); mga alahas, hiyas, bato, at mahahalagang metal; pagbebenta ng sasakyan (anumang uri ng mga bago at gamit nang sasakyang de-motor); langis at gas, petrolyo, at mga produktong galing sa mga ito; mga prepaid phone card, serbisyo ng telepono, at cell phone; mga serbisyo ng spa, pagre-relax at pagmamasaha

d) Anumang uri ng mga branded, trademarked o copyrighted na produkto maliban kung ang seller ang may hawak o may-ari ng lisensya ng intelektwal na ari-arian/copyright, mga serbisyo ng pag-iwas, mga device o software na ginagamit sa pag-iwas sa pagsunod sa batas o sa pag-alis ng mga proteksyon sa copyright; mga item na sumisira o lumalabag sa anumang copyright, trademark, karapatan sa paglalathala o privacy o anupamang karapatan sa pagmamay-ari sa ilalim ng mga batas ng Singapore o

alinmang hurisdiksyon; mga serbisyo ng mga pagpapagawa ng essay, sulatin at takdang-aralin;

e) Mga help desk ng teknikal na suporta sa computer at IT; pagbabahagi ng file at mga nauugnay na serbisyo; pagbebenta ng social media activity, mga click farm kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagbebenta ng mga Facebook like, Twitter follower, YouTube view; mga subscription, membership, libreng trial at anumang kaparehong modelo ng negosyo kung saan subscription ang palatandaan ng pagbili

f) Mga mapanlinlang na kagawian sa negosyo gaya ng mga Ponzi/pyramid scheme, multi-level marketing, mga garantisadong resulta, mga kurso at serbisyo sa pag-invest o pag-trade; pag-aalok o pagtanggap ng mga bayad para sa layunin ng panunuhol o katiwalian; mga item na humihikayat, nagtataguyod, nagpapadali, o nag-aatas sa iba na makilahok sa ilegal na activity; mga ninakaw na produkto kasama ang mga digital at virtual na produktong nakuha o nakopya sa ilegal na paraan; pagbebenta ng mga produkto o serbisyong natukoy ng mga ahensya ng pamahalaan ng Singapore na may mataas na posibilidad na mapanloko o na-transact ng mga Customer sa paraang lumalabag sa batas ng Singapore; ang personal na impormasyon ng mga third party na lumalabag sa batas ng Singapore; anumang uri ng serbisyong no-value-added, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pag-resale ng mga alok ng pamahalaan nang walang awtorisasyon o idinagdag na halaga, mga serbisyong hindi patas, mapanlilinlang, o nagsasamantala sa mga consumer;

g) Anumang uri ng mga pinansyal na serbisyo, gaya ng pagpapautang, micro-lending, mga scheme ng investment, escrow, mga ahensya ng pagkolekta ng singilin, mga serbisyo sa bail bond, mga maniningil ng utang, credit aggregation, mga serbisyo sa pag-consolidate, pagprotekta ng credit card at mga kaparehong serbisyo; mga negosyo ng crowd sourcing at crowd financing, mga club ng pangungutang, anumang uri ng pag-aalok ng equity o reward; cryptocurrency, Bitcoin, online currency, mga gaming coin, online gold, at mga katulad na virtual asset; partikular na credit repair, mga serbisyo ng pagbabayad ng utang, mga transaksyon sa credit, o mga activity ng insurance; mga negosyo ng serbisyo sa pera tulad ng remittance, pag-transfer, mga money order, mga prepaid na gift card, mga pasilidad para sa stored value, quasi-cash, mga pagpapalitan ng pera, at mga kaparehong serbisyo (maliban sa may kaugnayan sa mga serbisyo ng negosyo sa international na remittance na nakadetalde sa Mga Tuntunin ng Serbisyo ng GrabPay); ang pagbebenta ng mga

traveler's cheque o money order; konsultasyong legal at sa pagbubuwis, pagkabangkarote at anumang katulad na serbisyo;

h) Mga foreign government entity kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga embahada at konsulado; pamahalaan, pagpapatupad ng batas, at mga item na inisyu ng militar kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga uniporme, badge, dekorasyon, maliban na lang kung pangkasaysayan at/o malinaw na hindi tunay o opisyal (hal. mga laruan);

i) Pagsusugal, gaming, at/o anupamang activity na may bayad sa pagsali at may premyo, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga laro sa casino, pagtataya sa sports, karera ng kabayo, o greyhound racing, fantasy sports, mga ticket sa loterya, iba pang venture na nagpapadali sa pagsusugal, mga laro ng kasanayan (legal man na itinukoy bilang pagsusugal o hindi), at mga sweepstake;

j) Anumang produkto o serbisyong napapailalim sa mga sanction ng UN Security Council; anumang uri ng parte ng tao, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga organ, bahagi ng katawan, labi ng tao, body fluid, stem cell, embryo;

k) Healthcare, mga pharmaceutical, mga supplement, anumang uri ng produktong pangnutrisyon, anumang uri ng medikal na supply; mga narcotic, steroid, ilang partikular na kontroladong sangkap o iba pang produktong nagpapakita ng panganib sa kaligtasan ng consumer; mga ilegal na droga, tabako, o mga produktong pangkalusugan; mga sangkap na idinisenyo para gayahin ang mga epekto nito; mga nauugnay na accessory at produktong ginamit para gawin o ikonsumo ang mga ito gaya ng mga bong, hookah, at kaparehong device; mga pribadong paggagamot at e-doctor;

l) Anumang uri ng mga organisasyong politikal, pangrelihiyon, espirituwal, pangkawanggawa, at non-profit; mga manghuhula, astrologo, pagbabasa ng baraha, tarot, hypnosis; at mga katulad na serbisyo;

m) Pagbebenta ng anumang uri ng mga hayop o alagang hayop; mga produkto ng wildlife trafficking, ilegal na pangangaso, at pag-poach ng endangered species gaya ng mga mammal sa karagatan, palikpik ng pating, sungay ng rhino, ivory, deer musk, apdo ng oso, tiger penis, at anumang katulad na produkto;

n) Anumang uri ng mga sandata kabilang ang mga baril, bala, mga kutsilyo, nunchakus, at mga nauugnay na produkto, piyesa o

	accessory nito; mga armas o kutsilyo na kontrolado sa ilalim ng batas ng Singapore; mga laruan, regalo, at anumang uri ng replica na kamukhang-kamukha ng alinman sa mga naturang item; mga flammable, pasabog, pyrotechnic, toxic, at mapanganib na materyal kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga paputok, pasabog, radioactive na materyales at sangkap, at gunpowder.
iDEAL	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko Ang iDEAL ay isang paraan ng pagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa bangko. Ang mga recipient ay pwedeng makatanggap ng real time na pagkumpirma sa transaction. Limitado ang paggamit ng iDEAL sa mga customer na nabigyan ng online na bank account na compatible sa iDEAL at hawak ng bangkong nakabase sa Netherlands.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Oo - Ang Garantiya sa Pagbabayad ay nangangahulugang ang bawat transaction na na-flag bilang kumpleto o matagumpay (alinman ang naaangkop) ay ibabayad sa Account mo at ang pondo ay hindi mababawi, na napapailalim pa sa mga tuntuning ito at sa User Agreement at sa pagsunod mo sa mga ito.
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	N/A
Maximum na transaction	N/A
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Wala maliban sa mga ipinagbabawal na mga produkto at serbisyong nakasaad sa User Agreement
Mga Karagdagang Tuntunin	1. Dapat mong gawing madali para sa mga customer mo na makuha sa website ang impormasyon tungkol sa pamamaraan ng mga reklamo. 2. Hindi ka pinapahintulutang ialok ang iDEAL na Paraan ng Pagbabayad sa pamamagitan ng mga serbisyo sa pag-link sa e-mail maliban na lang kung mayroon kang paunang nakasulat na pahintulot ng PayPal. Ang link ng pagbabayad ng iDEAL ay isang URL na nagdadala sa page ng pagbabayad mo kung saan

	pwedeng magsimula ng transaction sa iDEAL ang isang customer. 3. Dapat kang makipagtulungan sa mga request para sa impormasyon sa mga partikular na sitwasyong nangangailangan ng higit pang imbestigasyon kaugnay sa iDEAL na paraan ng pagbabayad gaya ng posibleng iabiso sa PayPal o sa iyo paminsan-minsan. 4. Ang Gabay sa Integration ng Merchant ng iDEAL ay pwedeng i-access dito: https://betaalvereniging.atlassian.net/wiki/spaces/IPD/overview; dapat kang sumunod sa terms and conditions para sa paggamit ng iDEAL at sa paggamit ng logo ng iDEAL, gaya ng inilalarawan sa www.ideal.nl/en/payee/logos-banners/. 5. Dapat kang mag-ulat kaagad sa PayPal ng anumang kaganapang kailangang gumamit ng Garantiya sa Pagbabayad ng iDEAL. 6. Kung sa palagay ng PayPal ay mataas ang panganib mo ayon sa sariling pagpapasya nito, nakalaan sa PayPal ang karapatang i-request sa iyong magsagawa ng proseso ng pagpaparehistro ng Customer para maitala kahit ang mga sumusunod na data lang na tungkol sa Customer: a) Pangalan at e-mail address; b) Numero ng account at pangalan para sa numero ng bank account na ginagamit para bumili sa pamamagitan ng iDEAL na Paraan ng Pagbabayad; c) Karagdagang impormasyon para sa pag-verify sa hakbang 2 at ang pag-monitor ng Mga Transaction, halimbawa: i. IP address ii. Fingerprint ng browser iii. Mobile number
Mercado Pago	
Uri ng Pagbabayad	Ang Mercado Pago ay isang online na payments provider na nagbibigay-daan sa mga mamimili sa Brazil at Mexico na magbayad gamit ang mga credit card, debit card, prepaid card, balanse sa Mercado Pago wallet, at iba pang paraan ng pagbabayad.
Panganib ng Chargeback	Oo
Garantiya sa Pagbabayad	Oo - Ang Garantiya sa Pagbabayad ay mangangahulugang ang bawat transaction na na-flag bilang kumpleto o matagumpay (alinman ang

	naaangkop) ay ibabayad sa Account mo at hindi mababawi ang pondo, na napapailalim pa sa mga tuntuning ito at sa User Agreement at sa pagsunod mo sa mga ito.
Posibilidad para sa Refund	Oo
Minimum na Transaction	MXN 0.01 kada Transaction BRL 0.01 kada Transaction
Maximum na Transaction	MXN 1,000,000.00 kada Transaction BRL 10,000,000.00 kada Transaction
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Para sa Mexico: Bukod pa sa anumang ipinagbabawal na produkto o serbisyo na nakasaad sa User Agreement: ang mga produkto at serbisyo na ipinagbabawal sa ilalim ng Mercado Pago Terms and Conditions, at ang mga sumusunod: mga inireresetang gamot, mga pharmaceutical na produkto, mga dietary supplement na ipinagbabawal ibenta, anumang uri ng pagsusugal, mga financial na produkto at serbisyong hindi inaprubahan ng mga may-kapangyarihang financial na awtoridad sa pangangasiwa ng produkto, malware (<i>hal.</i>, mga rogueware, virus, atbp.), pagpopondo ng mga pulitikal na partido o activity, direktang marketing, mga operasyon ng postal number, mga bank draft at postal wire, mga wholesale club, multilevel pyramid selling, mga timeshare, mga ahensya ng pangongolekta, mga kumpanya ng factoring, mga liquidator, mga kumpanya ng bail bond, mga abogado sa bankruptcy, mga financial advisor, mga titulo ng share, mga investment trust fund, mga investment fund, currency exchange, mga payment order mula mga non-financial na institusyon, mga tanggapan ng garantiya at pagpapapalit ng pera, mga traveler's check, mga serbisyo at cruise line na nauugnay sa pagbiyahe (hindi kasama ang mga travel agency), mga koleksyon ng barya, mga selyo, mga coin shop, philately, Airtran Airways, Airtran Air, pag-cash ng tseke, mga awtomatikong pagbabayad at subscription, mga ahensya ng trabaho, at cash advance o mga credit. Para sa Brazil: Bukod pa sa anumang ipinagbabawal na produkto o serbisyong nakasaad sa User Agreement: ipinagbabawal ang mga serbisyo.

	Ang ilang produkto ay ipinagbabawal ng Mercado Pago sa ilalim ng Terms and Conditions nito. Para sa kumpletong listahan ng mga ipinagbabawal na produkto at serbisyo, bumisita sa: https://www.mercadopago.com.br/ajuda/3264
Mga Karagdagang Tuntunin	Para sa Mexico: Mapapailalim ang mga serbisyo sa pagbabayad ng Mercado Pago sa Terms and Conditions ng Mercado Pago para sa Mexico. Para sa Brazil: Mapapailalim ang mga serbisyo sa pagbabayad ng Mercado Pago sa Terms and Conditions ng Mercado Pago para sa Brazil. Para sa Brazil at Mexico: Hindi ka pinapahintulatang gamitin ang brand, logo, komersyal na pangalan, at mga karagdagang karapatan sa intelektwal na ari-arian ng Mercado Pago, pero pwede mong ilita ang Mercado Pago bilang paraan ng pagbabayad. Kung susubukan mong gamitin ang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian ng Mercado Pago sa hindi awtorisadong paraan, nakalaan sa amin ang karapatang bawiin ang aming mga serbisyo. Hindi mananagot ang Mercado Pago para sa anumang karagdagang singil dahil hindi mo naisumite ang tamang mga detalye ng bangko. Ang user ay hindi pwedeng magbenta ng mga payment management service sa mga third party.
Multibanco	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko Ang Multibanco ay isang Paraan ng Pagbabayad na limitado sa mga customer sa Portugal na nag-aalok ng dalawang alternatibo para sa mga pagbabayad: Ang isang alternatibo ay isang transfer sa bangko sa pamamagitan ng portal ng online banking ng customer, ang isa pang alternatibo ay pagbabayad gamit ang cash sa mga ATM ng iba't ibang branch ng bangko sa Portugal.

Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	N/A
Minimum na Transaction	N/A
Maximum na Transaction	EUR 99,999.99 kada Transaction
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Wala maliban sa mga ipinagbabawal na mga produkto at serbisyong nakasaad sa User Agreement
Mga Karagdagang Tuntunin	N/A
MyBank	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko Ang MyBank ay isang Paraan ng Pagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa bangko. Ang mga recipient ay pwedeng makatanggap ng real time na pagkumpirma sa transaction.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	N/A
Maximum na transaction	N/A
Mga Partikular na Ipinagbabawal na	Para maiwasan ang pagdududa at bilang karagdagan sa anumang ipinagbabawal na produkto o serbisyong nakasaad sa User Agreement: Ang mga aktibidad na pwedeng maparusahan gaya ng paglalagay ng mga menor de edad sa panganib, paedophilia, pornograpiya, paglabag

Produkto at Serbisyo	sa mga gawang protektado ng mga karapatan sa intelektwal na ari-arian at instrumento ng pagbabayad, ang hindi pagsunod sa pagprotekta ng personal na data, sa mga naka-automate na pagpoproseso ng data ng mga system, mga pagkilos na nauugnay sa money laundering, hindi pagsunod na nauugnay sa pagsusugal at pagtaya, pangangarera ng kabayo, loto at mga probisyong nauugnay sa mga kundisyon ng pagsasagawa ng mga propesyong napapailalim sa regulasyon.
Mga Karagdagang Tuntunin	Hindi ka pinapahintulatang gamitin ang Logo ng My Bank at mga karagdagang karapatan sa intelektwal na ari-arian bukod sa mga paraang ipinapahintulot para sa mga serbisyong ito ng alternatibong paraan ng pagbabayad. Para sa anupamang paggamit, sumunod sa Style Guide ng MyBank para sa Mga Negosyo na makikita sa sumusunod na website https://www.mybank.eu/mybank/mybank-style-guidelines-for-merchant-websites/ . Kung susubukan mong gamitin ang Logo ng MyBank sa paraang hindi awtorisado, hindi inaasahan, hindi pinapayagan, o lubos na lumalabag sa mga pag-aatas na ito, nakalaan sa amin ang karapatang bawiin ang aming mga serbisyo.
PayU	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko Ang PayU ay isang Paraan ng Pagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa bangko. Ang mga recipient ay pwedeng makatanggap ng real time na pagkumpirma sa transaction.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	PLN 0.01/Tx; CZK 0.01/Tx
Maximum na transaction	N/A
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Dagdag sa mga ipinagbabawal na produkto at serbisyong nakalista sa Kasunduan: Mga inireresetang gamot, pharmaceutical na produkto at dietary supplement na hindi pinapayagang ibenta; droga, intoxicant, kabilang ang mga designer na droga, pati ang mga kagamitan at teknolohiyang ginamit para sa paggawa, produksyon, at trade ng mga ito atbp.; sandata, bala, at gas launcher; online na serbisyong may content na pornograpiya, hal., mga chat room, video camera, VOD na

	pelikula; pinansyal na produkto at serbisyo kung iniaalok bilang bahagi ng activity na hindi pinapangasiwaan ng mga may-kapangyarihang awtoridad sa pinansyal na pangangasiwa; malware, hal., mga rogueware, virus, atbp.; politikal na partido at kaugnay na website na ginagamit para suportahan ang mga ito o mangolekta ng pondo para sa mga politikal na aktibidad; crowdfunding; tagapamagitan tumatanggap ng mga bayad sa ngalan ng maraming recipient nang walang legal na awtoridad o hindi nakakatugon sa mga hinihingi ng mga asosasyon ng card/grupo ng tagapamagitan
Mga Karagdagang Tuntunin	1. Dapat mong tiyaking ipinapaalam sa Customer sa form na malinaw na natutukoy at madaling ma-access na ang mga transaction na ginagawa sa pamamagitan ng PayU na Paraan ng Pagbabayad ay hindi nababawi. 2. Hindi mananagot ang PayPal at PayU para sa anumang karagdagang singil dahil sa mga maling detalye ng bangko kung hindi mo natiyak na mga wastong detalye ng bangko lang ang naisumite. 3. Ang mga merchant na gumagamit ng PayU na Paraan ng Pagbabayad ay mananagot para sa lahat ng hindi awtorisado o mapanlokong Transaction na ginawa gamit ang Paraan ng Pagbabayad. 4. Dapat mong tiyaking: a) hindi dapat i-store sa electronic na paraan o isulat sa ibang form ang anumang identification at/o nag-o-authenticate na data ng Customer na pwedeng gamitin para mag-order; b) sa panahong inilalagay ang identification at/o nag-o-authenticate na data ng Customer na pwedeng gamitin para mag-order, pinipigilan ang mga third party na makuha ang nasabing data. Mahigpit na ipinagbabawal ang paghahayag ng Identification at/o nag-o-authenticate na data ng Customer sa mga third party.
POLi	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko Ang POLi ay isang paraan ng pagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa bangko. Ang mga recipient ay pwedeng makatanggap ng real time na pagkumpirma sa transaction. Limitado ang POLi sa mga customer na may mga account sa mga bangko sa Australia at New Zealand. Hindi ginagarantiya ng PayPal na compatible sa POLi ang lahat ng bank account sa New Zealand at Australia.
Panganib ng Chargeback	Hindi

Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	Hindi
Minimum na Transaction	AUD/NZD 1.00 kada Transaction
Maximum na Transaction	AUD/NZD 10,000.00 kada Transaction
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Dagdag sa anumang ipinagbabawal na produkto o serbisyong nakasaad sa User Agreement: pagsusugal.
Mga Karagdagang Tuntunin	N/A
Przelewy24 (P24)	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko Ang Przelewy24 ay isang Paraan ng Pagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa bangko. Ang mga recipient ay pwedeng makatanggap ng real time na pagkumpirma sa transaction.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	PLN 0.05 kada transaction
Maximum na transaction	N/A
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Wala maliban sa mga ipinagbabawal na mga produkto at serbisyong nakasaad sa User Agreement

Mga Karagdagang Tuntunin	Ang bawat transaction ay nauugnay sa isang natatanging numero ng transaction at iba pang detalye (ang “Mga Detalye ng Transaction”) para mapangasiwaan ang mga pagtatanong o posibleng reklamo. Dapat mong i-save sa ligtas na paraan ang Mga Detalye ng Transaction. Ang anumang reklamong nauugnay sa maling isinagawang transaction ay direkta dapat na isumite sa PayPal na magpapasa ng isyu sa Przelewy24 na Scheme ng Pagbabayad para maimbestigahan. Kaugnay sa mga nasabing reklamo, dapat mong ibigay ang mga sumusunod na detalye: a) E-mail address; b) Numero ng transaction; c) Halaga ng transaction; d) Buong pangalan ng may-ari ng pinagmulang bank account kung saan dapat ita-transfer ang halaga ng Transaction; e) Pangalan ng bangkong may hawak sa account kung saan dapat ita-transfer ang halaga ng Transaction o kung saan na-transfer ang transaction kung naaangkop; f) Petsa ng Transaction; at g) Kung sakaling nagbayad gamit ang isang card: ang pangalan ng card; h) Kung sakaling nagbayad gamit ang SMS: numero ng mobile phone ng Customer. 4. Sa kabila ng nabanggit, ang anumang reklamong nauugnay sa mga transaction na ginawa 90 araw o higit pa bago ang nabanggit na reklamo ay pwedeng tanggihang i-review ng Przelewy24 na Scheme ng Pagbabayad.
Safetypay	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko

	Ang Safetypay ay isang bank transfer na paraan ng pagbabayad. Ang mga recipient ay pwedeng makatanggap ng real time na pagkumpirma sa transaction.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Oo
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	N/A
Maximum na transaction	15000 EUR
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Bilang karagdagan sa anumang ipinagbabawal na produkto o serbisyong nakalista sa ibaba, hindi ka gagamit ng Safetypay para tumanggap ng bayad o magbayad para sa, o direkta o hindi direktang mapangasiwaan ang: mga Bootleg recording; mga pekeng item; mga produktong naka-embargo; mga ilegal na droga at paraphernalia; materyales na nakakapanakit o walang pakundangan sa lahi o kultura; pang-adult na content, materyales, at/o mga serbisyo, kasama ang, pero hindi limitado sa mga pang-adult na libro at video, mga pang-adult na pakikipag-usap sa telepono, mga pang-adult na website, mga companion/escort service, mga dating service (na may sekswal na oryentasyon), mga mail order bride, samu't saring adult entertainment; cash; anumang uri ng danyos, pagkalugi, parusa, o multa; mga gastusin o bayarin na lampas sa normal na presyo ng mga produkto o serbisyo ng mga Merchant (naaangkop ang mga buwis) o mga singil na hindi tahasang inaprubahan ng mga Customer; mga overdue na halaga, o mga halagang sumasaklaw sa mga isinaili o stop-payment na tseke; mga pagbebentang isinagawa ng mga third party; mga halagang hindi kumakatawan sa bona fide na pagbebenta ng mga produkto at serbisyo ng negosyo ng Merchant (hal., mga pagbili ng mga may-ari ng Merchant (o ng mga miyembro ng kanilang pamilya) o empleyado); ilegal na Transaction sa negosyo; money laundering o pamumuhunan sa mga aktibidad ng terorista.
Mga Karagdagang Tuntunin	N/A
Satispay	
Uri ng Pagbabayad	Wallet

	Nagbibigay ang Satisfay ng platform ng mobile na pagbabayad kung saan naka-enable ang bank account.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Oo
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	EUR 0.01
Maximum na transaction	N/A
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Bilang karagdagan sa mga ipinagbabawal na produkto at serbisyong nakalista sa itaas, hindi ka gagamit ng Safetypay para tumanggap ng bayad para sa, magbayad sa, o direkta o hindi direktang mapangasiwaan ang: a) Mga serbisyo ng telecommunication, kasama ang mga lokal at long distance na tawag, mga tawag sa credit card, mga tawag sa pamamagitan ng paggamit ng mga magnetic stripe reading telephone at fax; b) Mga Money Order - Wire Transfer; c) Mga sanglaan; d) Outbound telemarketing; e) Inbound telemarketing; f) Mga Ticket Agency (Mga radio, television at iba pang direct Marketer na hindi napapabilang sa ibang klasipikasyon); g) Mga Financial na institusyon — mga manu-manong pag-disburse ng cash; h) Mga Financial na institusyon— mga automated na pag-disburse ng cash; i) Mga Pagbabayad ng Loan, Institusyon;

	j) Mga Non-financial na institution — foreign currency, mga money order (na hindi wire transfer), mga scrip at travelers' check; k) Mga dealer—Mga Security, Mga Mutual Fund, Mga Stock, Mga Commodity, Mga Bond; l) Mga Timeshare; m) Mga Dating at escort service; n) Mga Serbisyo at club ng buying at shopping; o) Mga Consumer credit reporting agency; p) Mga Employment agency at temporary help service; q) Pagtataya (kasama ang mga Ticket sa Lotto, Mga Casino Gaming Chip, Mga Off-Track Betting at Wager).
Mga Karagdagang Tuntunin	Kinikilala at sinasang-ayunan ng mga merchant na may personal na data na ipapadala sa Satispay para sa pagpoproseso ng mga transaction. Ang naturang personal na data ay ipoproseso ng Satispay alinsunod sa privacy notice nito na makikita sa: https://static-www-satispay-com.s3.amazonaws.com/privacy/Payment-Scheme/Satispay-Payment-Scheme_Privacy-en.pdf
SOFORT	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na Transfer sa Bangko Ang SOFORT Banking/SOFORT Überweisung ay isang Paraan ng Pagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa bangko. Ang mga recipient ay pwedeng makatanggap ng real time na pagkumpirma sa transaction.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	€1.00 kada transaksyon
Maximum na transaction	N/A

Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Wala maliban sa mga ipinagbabawal na mga produkto at serbisyong nakasaad sa User Agreement
Mga Karagdagang Tuntunin	N/A
Trustly	
Uri ng Pagbabayad	Real-time na transfer sa bangko
Panganib ng Chargeback	Wala (kapag na-settle na ang pera sa Merchant account)
Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	EUR 0.01 kada transaction. (Napapailalim sa mga kundisyong iniaatas ng bangko ng Customer)
Maximum na transaction	Napapailalim sa mga kundisyong iniaatas ng bangko ng Customer
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Dagdag sa mga ipinagbabawal na produkto at serbisyong nakalista sa Kasunduan: Bitcoin
Mga Karagdagang Tuntunin	(1) Dapat mong tiyaking ang (mga) logotype at trademark ng Trustly ay nakalantad at ipinapakita sa nakakaengganyo at naaangkop na paraan, at alinsunod sa mga kinakailangan sa presentasyon ng naaangkop na serbisyo gaya ng nakasaad sa: https://trustly.com/en/developer/documents. (2) Kinikilala mo at sumasang-ayon kang: (a) Ang serbisyo ng Trustly ay nakadepende sa functionality ng mga third-party na system, pangunahin ang mga bangko, at hindi ginagarantiya ng Trustly ang functionality ng mga serbisyo nito kung magkaroon ng anumang pagkabigo, pagpalya, o pag-adjust sa, o na nauugnay sa mga nasabing third-party na system; (b) Posibleng magkaroon ng hindi magandang epekto sa mga bilis ng transaction sa panahon ng nakaplanong pagmementena ng serbisyo ng Trustly; at (c) Hindi mananagot ang

	PayPal at Trustly para sa anumang pagkalugi o pinsala dahil sa anumang degradation ng functionality ng mga third-party na system gaya ng inilalarawan sa sub-section (a) dito, o sa mga panahong pinakamarami ang transaction o sa panahon ng nakaplanong pagmementena ng serbisyo ng Trustly gaya ng inilalarawan sa sub-section (b) dito.
WeChat Pay	
Uri ng Pagbabayad	Wallet Ang WeChat Pay ay isang e-wallet na pwedeng gamitin ng lahat ng Customer na nakarehistro sa WeChat Pay.
Panganib ng Chargeback	Hindi
Garantiya sa Pagbabayad	Hindi
Posibilidad para sa refund	Oo
Minimum na transaction	RMB 0.10 kada Transaction
Maximum na transaction	USD 10,000.00/transaction, USD 20,000.00/araw/Customer, USD 50,000.00/taon/Customer
Mga Partikular na Ipinagbabawal na Produkto at Serbisyo	Mga Karagdagang Tuntunin
Mga Karagdagang Tuntunin	1. Matitiyak mo na gagamitin lang ang WeChat Pay para sa mga sumusunod na produkto: a) Damit/Mga Accessory/Bag; b) Mga Gift/Flower/Souvenir; c) Outdoor/Sport/Fitness kagamitan/Security at proteksyon; d) Mga Musikal na instrumento; e) Relo/Orasan/Salamin/Mga Cosmetic lens; f) Alahas/Accessory;

	g) Home furnishing/Mga materyales sa konstruksyon/Dekorasyon/Mga Tela; h) Pagkain; i) Mga produkto/Suplemento ng pangkalusugan; j) Mga appliance sa bahay; k) Personal na pangangalaga at mga produkto; l) Beauty makeup/Skin care/Personal na pangangalaga; m) Mga Craft/Potting/Interior decoration; n) Kotse/Motorsiklo/Bisikleta/Mga Accessory/Refitted na sasakyan; o) Digital na produkto; p) Gamit sa Opisina; q) Mga ina at sanggol na produkto/Mga laruan ng bata; r) Mga store ng Ina at Bata (online) s) Book/Audio/Stationery; o t) Pagkain ng Alagang Hayop 2. Dapat mong ipakita ang logo na "WeChat" na may kaugnayan sa paggamit ng Mga Chinese LPM (Local Payment Methods) Service, sa opisyal na website mo. 3. Hindi mo sisingilin ang mga Customer ng anumang karagdagang fee o magbibigay ng mas mababang serbisyo kapag ginamit ng Customer ang WeChat Pay bilang paraan ng pagbabayad. 4. Dapat mong itago ang mga orihinal na resibo at nauugnay na rekord ng Transaction nang hindi bababa sa limang (5) taon mula sa petsa ng Transaction. 5. Kinikilala at sumasang-ayon kang wakasan ang serbisyo ng WeChat Pay at ipagpapalagay mong lahat ng pananagutan kung:
--	--

	a. magpatakbo sa paglabag sa mga nauugnay na panuntunan at tumangging gumawa ng mga pagwawasto pagkatapos hilingin na gawin ito; b. magsagawa ng anumang pagkilos na makasasama sa interes ng WeChat Pay; o c. kasali ang mga ito sa mga event sa panganib o abnormal na transaksyon, sa makatwirang pagpapasya ng WeChat Pay.
--	--